§1746.3 Protokol para sa mga Parmaseutiko na Nagbibigay ng Naloxone Hydrochloride

Ang parmaseutiko na nagbibigay ng naloxone hydrochloride alinsunod sa seksyon 4052.01 ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon ay dapat makamit ang mga pangangailangan ng seksyon na ito.

(a) Gaya ng pagkakagamit sa seksyon na ito:
  (1) Ang ibig sabihin ng "Opioid" ay mga likas na kinuhang mga pampakalma, kabilang na ang mga gawang tao at semi-gawa ng tao na mga opioid.
  (2) Ang ibig sabihin ng "Tumatanggap" ay ang tao na binigyan ng naloxone hydrochloride.

(b) Pagsasanay. Bago makapagbigay ng naloxone hydrochloride, ang mga parmaseutiko na gumagamit ng protokol na ito ay dapat na matagumpay na nakapagtapos ng isang oras ang pinakamababa, ng aprubadong programa ng patuloy na edukasyon na tiyak sa paggamit ng naloxone hydrochloride sa lahat ng rutang pangangasiwa na kinikilala sa subseksyon (c)(4) ng protokol na ito, o ang katumbas na batay-sa-kurikulum na programang pagsasanay na tinapos sa isang eskwelahan ng parmasya na kinikilala ng lupon.

(c) Protokol Para sa mga Parmaseutiko na Nagbibigay ng Naloxone Hydrochloride. Bago magbigay ng naloxone hydrochloride, ang parmaseutiko ay dapat:
  (1) Salain ang potensyal na tumatanggap sa pamamagitan ng mga sumusunod na katanungan:
    (A) Kung ang potensyal na tumatanggap ay kasalukuyang gumagamit o may karanasan sa paggamit ng mga pinagbabawal o niresetang mga opioid. (Kung ang sagot ng tumatanggap ay oo, pwede nang laktawan ng parmaseutiko ang katanungan B.);
    (B) Kung ang potensyal na tumatanggap ay may kontak sa kahit na sino na kasalukuyang gumagamit o may karanasan sa paggamit ng mga pinagbabawal o niresetang mga opioid. (Kung ang sagot ng tumatanggap ay oo, ang parmaseutiko ay pwedeng magpatuloy.);
    (C) Kung ang tao na bibigyan ng pangangasiwa ng naloxone hydrochloride ay may kilalang labis na pagkamapagdamdam sa naloxone. (Kung ang sagot ng tumatanggap ay oo, ang parmaseutiko ay maaaring hindi magbigay ng naloxone. Kung ang sagot ng tumatanggap ay hindi, ang parmaseutiko ay pwedeng magpatuloy.)

  Ang panalang mga tanong na ito ay dapat maging magagamit sa alternatibong mga lenguwahe para sa mga pasyenteng hindi nakakaintindi sa wikang Ingles sa websayt ng Lupon ng Dispensaryo.

  (2) Bigyan ang tumatanggap ng pagsasanay upang hindi mangyari ang labis na dosis sa opioid, tugon, at pangangasiwa sa lunas na naloxone.
  (3) Kapag naibigay na ang naloxone hydrochloride:

(A) Ang parmaseutiko ay dapat magbigay sa tumatanggap ng karampatang pamamatnubay at impormasyon ukol sa produktong ibinigay, pati na ang dosing, pagka-epektibo, hindi kaaya-ayang mga epekto, mga patnubay sa pag-imbak, tagal na maaring gamitin, at kaligtasan. Ang tumatanggap ay hindi pinahihintulutan na talikdan ang kinakailangang konsultasyon.

(B) Ang parmaseutiko ay dapat magbigay sa tumatanggap ng kahit anong mapagkukunan ng impormasyon na nasa kanya at/o bigyan ng sangguni sa angkop na mapagkukunan ng impormasyon kung ang tumatanggap ay nagpapahiwatig ng pagkawili sa paglulunas ng pagkagumon, mga serbisyo sa paggaling, o mga mapagkukunan sa pagtatapon ng paggamot sa panahong ito.

(C) Ang parmaseutiko ay may pananagutang sagutin ang kahit anong tanong ng tumatanggap tungkol sa naloxone hydrochloride.

(4) Pagpili ng Produkto: Ang parmaseutiko ay dapat magbigay ng payo sa tumatanggap kung paano piliin ang ruta ng pangangasiwa batay sa pagbabalangkas na mayroon, gaano ito kahusay na pangasiwaan, ang paglalagay at ang lokal na konteksto. Ang parmaseutiko ay maaaring magbigay ng naloxone hydrochloride bilang isang intramuscular na iniksyon, intranasal na pambomba, kusang pang-iniksyon o sa ibang uri ng produkto na aprubado ng FDA. Ang parmaseutiko ay maaari ding magrekomenda ng opsyonal na mga aytem kung angkop, kabilang na ang mga sapin ng alkohol, pangsagip sa paghinga na mga maskara, at gomang mga guwantes.

(5) Paglalagay ng Etiketa: Ang parmaseutiko ay kailangang maglagay ng etiketa sa naloxone hydrochloride sang-ayon sa batas at mga regulasyon. Dapat kabilang sa mga etiketa ang petsa ng pagtatapos ng naloxone hydrochloride na ibinigay. Mayroong halimbawa ng angkop na etiketa sa websayt ng Lupon ng Dispensaryo.

(6) Pilyego ng Katotohanan: Ang parmaseutiko ay dapat magbigay sa tumatangggap ng kopya sa kasalukuyang pilyego ng katotohanan sa naloxone na aprubado ng Lupon ng Dispensaryo. Ang pilyego ng katotohanan na ito ay dapat magagamit sa alternatibong mga linguwahe para sa mga pasyenteng hindi nakakaintindi sa wikang Ingles sa websayt ng Lupon ng Dispensaryo.

(7) Mga Paunawa: Kung ang tumatanggap ng naloxone hydrochloride ay siya ring bibigyan ng pangangasiwa ng naloxone hydrochloride, kung gayon ang tumatanggap ng naloxone na ito ay itinuturing na pasyente para sa mga layunin ng protokol na ito at ang paunawa ay maaaring kakailanganin sa ilalim ng seksyon na ito.

Kung ang pasyente ay magbibigay ng berbal o nakasulat na pahintulot, ang parmaseutiko ay dapat magbigay-alam sa pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga sa pasyente ng anumang gamot at/o aparato na ibinigay, o ilagay ang karampatang impormasyon sa sistemang rekord ng pasyente na ibahagi sa pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga, sa pahintulot ng pasyente at ang pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga.

Kung ang pasyente ay walang pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga, o kung hindi siya magbibigay ng pahintulot sa paunawa, ang parmaseutiko ay magbibigay ng kasulatang rekord ng ng mga gamot at/o aparato na ibinigay at magbigay ng payo sa pasyente na kumunsulta sa tamang tagapagtustos ng pangangalaga sa kalusugan sa kanyang pagpili.

(8) Dokumentasyon: Ang bawat produktong naloxone hydrochloride na ibinigay ng parmaseutiko alinsunod sa protokol na ito ay dapat dokumentado sa rekord ng gamot para sa tumatanggap ng naloxone, at ligtas na nakatago sa pinanggalingan na dispensaryo o pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan sa loob ng pinakamababang tatlong taon mula sa araw ng pagkakabigay. Ang rekord ng paggamot ay dapat panatilihin sa awtomatikong datos o paraang manwal na talaan upang ang kinakailangang impormasyon sa ilalim ng pamagat 16, mga seksyong 1707.1 at 1717 ng Kodigo ng mga Tuntunin na California ay madaling makuha sa mga karaniwang oras na pag-oopera ng parmasya o pasilidad.

(9) Pagkapribado: Ang lahat ng mga parmaseutiko na nagbibigay ng naloxone hydrochloride sa isang dispensaryo o pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan ay dapat umandar sa ilalim ng mga patakaran at pamamaraan ng parmasya o pasilidad upang matiyak na mapanatili ang pagiging kompidensiyal at pagkapribado ng tumatanggap.

Karapatan: Seksyon 4052.01, Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon.
Sanggunian: Seksyon 4052.01, Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon